# BAKIT AT PAANO PAG-AARALAN ANG QURAN (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang unang aralin patungkol sa pag-aaral ng Quran na nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagkakaroon ng relasyon o ugnayan sa banal na aklat ng Allah (Quran).

**Kategorya:** Mga Aral › Ang Banal na Quran › Paglapit o paghawak sa Quran

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2015 IslamReligion.com)

**Nai-publish sa:** 19 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

·Ang tanggapin na ang Quran ay biyaya ng Allah at Matuto ng ilang katangian nito.

·Ang tanggapin na ang Quran ay may kaugnayan sa ating kasalukuyang panahon gaya noong unang ipinahayag ito.

## Ilan sa mga katangian ng Quran



1. "At sa inyo ay may darating na patnubay mula sa akin, at sinumang sumunod sa aking patnubay sila'y hindi magkakaroon ng pangamba o kalungkutan man na madarama." (Quran 2: 38)

Ang Quran ang siyang pinakamalaking biyaya ng Allah saiyo. Ito ang katuparan ng Kanyang pangako kay Adam at sa kanyang mga inapo.

2. Ito ang natatanging daan upang mapagtagumpayan ang iyong pagkatakot at pagkabalisa. Ito ang tanging liwanag (nur), habang ika'y nasa kawalan at kadiliman at magdadala sayo sa katagumpayan at kaligtasan. Ang natatanging kagalingan (*shifa'*) sa iyong karamdamang pang kaluluwa, gayun din sa suliranin ng lipunan na nakapaligid sayo. Ang Propeta Muhammad ay nagsabi,

> ***"Ang Quran ay tagapamagitan at katanggap tanggap ang kanyang pagiging tagapamagitan at ang kanyang hatol ay katangap-tanggap. Sinuman ang gawin niya itong gabay - gagabayan siya nito patungong Paraiso at sinuman ang tumalikod dito, (ang kanyang kahihinatnan ) siya ay mahuhulog sa Apoy."*[1]**

3. Ang Propeta Muhammad ay nagsabi, "Makiisa ka sa mga laging umaalala sa Allah at sa pagbigkas sa Kanyang Aklat, dahil ito ay ang iyong ilaw dito sa sanlibutan at (na dahilan upang) ikaw ay mabanggit sa kalangitan."[2]

Ang Quran ang patuloy na tagapa-alala ng iyong tunay na kalagayan at iyong magiging kalalagayan, ng iyong katayuan, ng iyong katungkulan, iyong gantimpala, ng iyong kapahamakan. Higit sa lahat, ito ang natatanging daan upang mapalapit ka sa iyong Tagapaglikha. Ipinapakilala niya ang Allah sayo, ang Kanyang katangian, paano Niya pinamamamahalaan ang sandaigdigan at ang nakaraan, paano Siya nakikipag-ugnayan sayo at paano ka makikipag-ugnayan sa Kanya, sa iyong sarili at sa iyong kapwa tao at sa ibang pang nilikha.

Ang gantimpalang naghihintay sayo dito ay katotohanang napakarami, at dumadami ng maraming ulit hanggang sa kabilang buhay, ngunit ang naghihitay sayo sa huli ng iyong paglalakbay, ang pangako ng Allah sa Hadith *qudsi*,

> ***“Anupat walang mata na nakakita, ni walang taingang nakarinig at kailanman man walang pusong naglalaman nito”, at idinagdag ni Abu Hurayrah, “Basahin kung iyong nanaisin: ‘Walang tao ang may kakayanan na unawain kung anong kasiyahan ang ikinubli sa kanilang paningin bilang kabayaran ng dahil sa kanilang palagiang ginagawa.’ (Quran 32:17)”[3]***

## Ang Quran ay may kaugnayan sa kasalukuyan gaya noong panahong ito ay unang naipahayag

Ang patnubay ng Quran, sa kanyang sariling pahayag, ay may walang hanggang ugnayan sa lahat ng tao bilang kapahayagan ng walang hanggang Diyos. Ang Quran, ang walang hanggang gabay ng walang hanggang Diyos ay siya ding ugnayan natin ngayon mula pa noong ipinahayag ito mahigit 14 daang taon na ang nakalipas at mananatili ito magpasa walang hanggan. Ang salita ng dakilang tagapaglikha ay ipinahayag upang maging gabay sa sangkatauhan at sa mga darating pang panahon.

Para sa katotohanan ng pag-angkin na ito, nararapat lamang na matanggap natin, maranasan at maintindihan ang Quran gaya ng mga naunang pinagpahayagan nito hindi man sa antas na kanilang ginawa. Sa madaling salita, sa kabila ng makasaysayang pangyayari sa pagkakapahayag nito sa ibang wika o sa panahon at lugar, nararapat lang na tanggapin natin ang Quran dahil ang kanyang mensahe ay sumasakop sa lahat ng panahon.

Para sa mga unang nakarinig dito mula sa bibig ng Propeta, ang Quran ay isang buhay na katotohanan. Sila ay hindi nagkaroon ng pagdududa na si Allah ay nangungusap sa kanila sa pamamagitan niya, ang kanilang puso at isipan ay nasakop nito, umagos ang luha sa kanilang mga mata at nanginig ang kanilang katawan, dahil nalaman nila na ito'y angkop sa kanilang mga alalahanin at kasalukuyang nararanasan at naging sakop na ng kanilang pamumuhay, sila ay tuluyang binago nito. At ang naging bunga nito, ang mga tagapastol ng tupa at mga pulutong ng mga kamelyo ay naging mga tagapag-gabay ng sangkatauhan.

Sa panahon natin, meron tayong parehong Quran, kahit na merong napakaraming kopya nito na nailathala, hindi natin nababasa ang Quran, sa katotohanan ang ating mata ay nanatiling tuyo sa mga talata nito, ang ating mga puso ay di natitinag ng mga katotohanan patungkol dito at ang ating isipan ay di nahipo at ang buhay natin ay di nabago, nananatili pa ba ang Quran bilang buhay, malakas na sandigan ,at makapangyarihan ngayon kagaya noon mahigit 1400 taon na ang nakalipas? Ito ang pinakamalaking katanungan na dapat nating mabigyan ng kasagutan kung nagnanais tayong maitama ang ating buhay mula sa patnubay at gabay ng Quran.

Paano natin ito gagawin? ang sagot ay madali lang. Pag-aralan natin ang Quran sa pamamagitan ng pagpasok sa mundo ng Quran na parang ang Allah ay nakikipag-usap sa atin ngayon sa kasalukuyan at sa pagsunod sa mga panuntunan gaano man ito kahirap, sa pamamagitan ng pagsentro ng buhay natin sa Quran, makikita ng mga muslim ang kahalagahan ng paglikha sa kanila at kanilang dignidad dito sa mundo.

Gawin nating parte ng ating buhay ang mensahe nito gaya ng mga unang naniwala dito ng may parehong kahalagahan at malalim na kaugnayan sa lahat ng kasalukuyang pangyayari at mga pinagdaanan.

Ang Biyaya ng Quran ay walang katapusan, ngunit ang hangganan ng iyong pagtanggap ay nakadepende sa kung hanggang saan mo ito bibigyan ng halaga, kaya ang pinaka umpisa, gawin mong malalim ang iyong pagkaunawa sa kung ano ang kahalagahan ng Quran sa iyo at kung ano ang karapatan nito saiyo.

At bilang pagtatapos, bawat Muslim ay may katungkulan na ilaan ang kanyang sarili sa pagbabasa, pag-unawa at pag-saulo sa Quran. Ang susunod na aralin ay nakatuon kung paano pag-aaralan ang Quran.

---

Talababa:

| | |
|---|---|
| [1] | *Ibn Hibban* |
| [2] | *Targhib wa-Tarhib* |
| [3] | *Bukhari, Muslim* |

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/296/bakit-at-paano-pag-aaralan-ang-quran-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.